

3. Paano makakuha ng pangangalaga

Paunang pag-apruba (paunang pahintulot)

Para sa ilang uri ng pangangalaga, kakailanganin ng iyong PCP o espesyalista na humingi ng pahintulot sa Molina Healthcare bago mo makuha ang pangangalaga. Ito ay tinatawag na paghingi ng paunang pag-apruba o paunang pahintulot. Nangangahulugan ito na dapat tiyakin ng Molina Healthcare na ang pangangalaga ay medikal na kinakailangan (kailangan).

Ang mga serbisyong medikal na kinakailangang ay mga serbisyong makatwiran at kinakailangan para protektahan ang iyong buhay, maiwasan ang iyong malubhang pagkakasakit o kapansanan, o mabawasan ang matinding sakit mula sa isang nasuring sakit, karamdaman, o pinsala. Para sa mga miyembrong wala pang edad na 21, ang mga serbisyo ng Medi-Cal ay kinabibilangan ng pangangalaga na medikal na kinakailangan para ayusin o tulungang maibsan ang isang pisikal o pangkaisipan na sakit o kondisyon.

Ang mga sumusunod na serbisyo ay **palaging** nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot), kahit na makukuha mo ang mga ito mula sa isang provider sa network ng Molina Healthcare:

- Pagpapaospital, kung hindi emergency
- Mga serbisyo sa labas ng lugar ng serbisyo ng Molina Healthcare, kung hindi isang emergency o agarang pangangalaga
- Outpatient na operasyon
- Pangmatagalang pangangalaga o mga serbisyo ng skilled nursing sa isang nursing facility (kabilang ang adult at pediatric Subacute Care Facilities na kinontrata sa Department of Health Care Services Subacute Care Unit) o mga intermediate care facility (kabilang ang Intermediate Care Facility for the Developmentally Disabled (ICF/DD), ICF/DD-Habilitative (ICF/DD-H), ICF/DD-Nursing (ICF/DD-N))
- Mga espesyal na paggamot, imaging, testing, at mga procedure
- Mga serbisyong medikal na transportasyon kapag hindi ito isang emergency

Ang mga serbisyo ng pang-emergency na ambulansya ay hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot).



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY 711). Ang Molina Healthcare ay nandito Lunes-Biyernes, 7:00 a.m.-7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

3 | Paano makakuha ng pangangalaga

Para sa mga karaniwang kahilingan para sa paunang pag-apruba (paunang awtorisasyon), ang Molina Healthcare ay kailangang tumugon sa iyong kahilingan sa sandaling kinakailangan ng iyong kondisyon sa kalusugan, ngunit hindi hihigit sa limang araw ng negosyo mula nang matanggap ng Molina Healthcare ang impormasyon na hiniling nito na makatuwirang kinakailangan nito para magdesisyon (aprubahan, baguhin, o tanggihan) ang iyong kahilingan. Dapat tumugon ang Molina Healthcare, nang hindi hihigit sa pitong araw sa kalendaryo mula nang matanggap ng Molina Healthcare ang iyong kahilingan.

Kung malalaman ng provider o ng Molina Healthcare na ang pagsunod sa karaniwang takdang panahon ay maaaring malubhang maglagay sa panganib ng iyong buhay o kalusugan o sa kakayahang makamit, mapanatili, o mabawi ang maximum na paggana, gagawa ang Molina Healthcare ng mas pinabilis na desisyon sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Tutugon ang Molina Healthcare sa sandaling kinakailangan ng iyong kondisyon sa kalusugan, ngunit hindi mas matagal sa 72 oras mula nang matanggap ng Molina Healthcare ang iyong kahilingan.

Sa ilang partikular na sitwasyon, maaaring kailanganin ng Molina Healthcare ng karagdagang impormasyon para magdesisyon (aprubahan, baguhin, o tanggihan) ang iyong kahilingan para sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Kung mangyayari ito, ang Molina Healthcare ay may hanggang 14 pang araw sa kalendaryo para magdesisyon. Kapag nakuha na ng Molina Healthcare ang kinakailangang impormasyon, dapat itong gumawa ng desisyon sa sandaling kailanganin ng kondisyon ng iyong kalusugan, ngunit hindi lalampas sa limang araw ng negosyo para sa mga karaniwang kahilingan o 72 oras para sa mga pinabilis na kahilingan. Maaaring humingi ang iyong provider ng palugit para tumugon ang Molina Healthcare sa mga karaniwang kahilingan. Maaari kang humiling ng palugit para sa mga karaniwan o pinabilis na kahilingan. Sinusuri ng mga klinikal o medikal na kawani tulad ng mga doktor, nars, at pharmacist ang mga kahilingan sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Hindi iniimpluwensyahan ng Molina Healthcare ang desisyon ng mga tagasuri na tanggihan, baguhin, o aprubahan ang coverage o mga serbisyo sa anumang paraan. Kung hindi aprubahan ng Molina Healthcare ang kahilingan, padadalhan ka ng Molina Healthcare ng sulat na Abiso ng Aksyon (NOA). Sasabihin sa iyo ng NOA kung paano maghain ng apela kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon.

Kokontakin ka ng Molina Healthcare kung ang Molina Healthcare ay nangangailangan ng karagdagang impormasyon o mas maraming oras upang suriin ang iyong kahilingan.

Hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa pang-emergency na pangangalaga, kahit na wala ito sa network ng Molina Healthcare o wala sa iyong lugar ng serbisyo. Kabilang dito ang labor at panganganak kung ikaw ay buntis. Hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa ilang partikular na serbisyo ng sensitibong pangangalaga. Para alamin pa ang tungkol sa mga serbisyo ng sensitibong pangangalaga, basahin ang “Sensitibong pangangalaga” sa huling bahagi ng kabanatang ito.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY 711). Ang Molina Healthcare ay nandito Lunes-Biyernes, 7:00 a.m.-7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Para sa mga tanong tungkol sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot), tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY 711).

Mga pangalawang opinyon

Maaaring gusto mo ng pangalawang opinyon tungkol sa pangangalaga na sinasabi ng iyong provider na kailangan mo o tungkol sa iyong diagnosis o plano sa paggamot. Halimbawa, maaaring gusto mo ng pangalawang opinyon kung gusto mong tiyakin na tama ang iyong diagnosis, hindi ka sigurado na kailangan mo ng iniresetang paggamot o operasyon, o sinubukan mong sundin ang isang plano sa paggamot at hindi ito gumana.

Magbabayad ang Molina Healthcare para sa pangalawang opinyon kung ikaw o ang iyong provider na nasa network ay hihilingin ito, at makukuha mo ang pangalawang opinyon mula sa isang provider na nasa network. Hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Molina Healthcare upang makakuha ng pangalawang opinyon mula sa isang provider na nasa network. Kung gusto mong makakuha ng pangalawang opinyon, ire-refer ka namin sa isang kwalipikadong provider na nasa network na maaaring magbigay sa iyo nito.

Para humingi ng pangalawang opinyon at makakuha ng tulong sa pagpili ng provider, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY 711). Ang iyong provider na nasa network ay maaari ring tumulong sa iyo na makakuha ng referral para sa pangalawang opinyon kung gusto mo nito.

Kung walang provider sa network ng Molina Healthcare na makakapagbigay sa iyo ng pangalawang opinyon, Molina Healthcare ang magbabayad para sa pangalawang opinyon mula sa provider na wala sa network. Sasabihin sa iyo ng Molina Healthcare kung ang provider na pipiliin mo para sa pangalawang opinyon ay naaprubahan nang kasing bilis ng kinakailangan ng iyong medikal na kondisyon, ngunit hindi hihigit sa limang araw ng negosyo mula nang matanggap ng Molina Healthcare ang impormasyong hiniling nito na makatwirang kailangan nito para mapagdesisyunan ang iyong kahilingan, dapat tumugon ang Molina Healthcare nang hindi hihigit sa pitong araw sa kalendaryo mula nang matanggap ng Molina Healthcare ang iyong kahilingan.

Kung mayroon kang hindi gumagaling, malubha, o seryosong sakit, o mayroong agaran at seryosong banta sa iyong kalusugan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pagkawala ng buhay, paa't kamay, o pangunahing bahagi ng katawan o paggana ng katawan, sasabihin sa iyo ng Molina Healthcare sa sulat sa loob ng 72 oras mula nang matanggap ang iyong kahilingan.

Kung tatanggihan ng Molina Healthcare ang iyong kahilingan para sa pangalawang opinyon, maaari kang maghain ng karaingan. Para alamin pa ang tungkol sa mga karaingan, basahin ang “Mga Reklamo” sa Kabanata 6 ng handbook na ito.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY 711). Ang Molina Healthcare ay nandito Lunes-Biyernes, 7:00 a.m.-7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

4. Mga benepisyo at serbisyo

Mga benepisyo sa Medi-Cal na sakop ng Molina Healthcare

Mga serbisyo sa ngipin

Sacramento County: Gumagamit ang Medi-Cal ng mga Medi-Cal Dental Plan (Mga Dental Managed Care Plan) para maibigay ang iyong mga serbisyo sa ngipin. Kailangan mong mag-enroll sa isang Medi-Cal Dental Plan (Dental Managed Care Plan). Para alamin pa, pumunta sa Medi-Cal Health Care Options sa <https://www.dhcs.ca.gov/Pages/myMedi-Cal.aspx>.

Sacramento County: Kung mayroon kang mga tanong o gusto mong alamin pa ang tungkol sa mga serbisyo sa ngipin at naka-enroll sa isang Medi-Cal Dental Plan (Dental Managed Care Plan), tawagan ang iyong nakatalagang Medi-Cal Dental Plan (Dental Managed Care Plan).

Iba pang mga programa at serbisyo ng Medi-Cal

Iba pang mga serbisyong makukuha mo sa pamamagitan ng Fee -for-Service (FFS) Medi-Cal o iba pang mga programang Medi-Cal

Hindi sakop ng Molina Healthcare ang ilang serbisyo, ngunit maaari mo pa ring makuha ang mga ito sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal o iba pang mga programa ng Medi-Cal. Makikipag-ugnayan ang Molina Healthcare sa iba pang programa upang matiyak na makukuha mo ang lahat ng kinakailangang medikal na serbisyo kabilang ang mga sakop ng isa pang programa at hindi ang Molina Healthcare. Nakalista sa seksyong ito ang ilan sa mga serbisyong ito. Para alamin pa, tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY 711).



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY 711). Ang Molina Healthcare ay nandito Lunes-Biyernes, 7:00 a.m.-7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Mga serbisyo sa ngipin

Ang Medi-Cal Dental FFS ay pareho sa Medi-Cal FFS para sa iyong mga serbisyo sa ngipin. Bago ka kumuha ng mga serbisyo sa ngipin, dapat mong ipakita ang iyong Medi-Cal BIC card sa provider sa ngipin. Siguraduhing tumatanggap ang provider ng Dental FFS at hindi ka bahagi ng isang plano ng pinamamahalaang pangangalaga na binabayaran ang mga serbisyo sa ngipin.

Sinasakop ng Medi-Cal ang malawak na hanay ng mga serbisyo sa ngipin sa pamamagitan ng Medi-Cal Dental, kabilang ang:

- Buo at hindi buong mga pustiso
- Mga crown (prefabricated/laboratory)
- Mga serbisyong diagnostic at preventive dental gaya ng mga pagsusuri, X-ray, at paglilinis ng ngipin
- Pang-emergency na pangangalaga para sa pagkontrol ng pananakit
- Mga pagpasta
- Orthodontics para sa mga batang kwalipikado
- Mga paggamot sa root canal (anterior/posterior)
- Scaling at root planing
- Pagbunot ng ngipin
- Topical fluoride

Kung mayroon kang mga tanong o gustong alamin pa ang tungkol sa mga serbisyo sa ngipin, tawagan ang Medi-Cal Dental sa 1-800-322-6384 (TTY 1-800-735-2922 o 711). Maaari ka ring pumunta sa website ng Medi-Cal Dental sa <https://www.dental.dhcs.ca.gov>.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY 711). Ang Molina Healthcare ay nandito Lunes-Biyernes, 7:00 a.m.-7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

5. Pangangalaga ng bata at kabataan para makaiwas sa sakit

Ang mga miyembrong bata at kabataan na wala pang 21 taong gulang ay makakakuha ng mga kinakailangang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan kapag nag-enroll sila. Tinitiyak nito na nakukuha nila ang tamang pangangalagang pang-iwas sa sakit, sa ngipin, at kalusugan ng isip, kabilang ang mga serbisyo sa pag-unlad at espesyalidad. Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang mga serbisyong ito.

Iba pang mga serbisyong makukuha mo sa pamamagitan ng Fee-for-Service (FFS) Medi-Cal o iba pang mga programa

Mga pagsusuri sa ngipin

Panatilihing malinis ang mga gilagid ng iyong sanggol sa pamamagitan ng dahan-dahang pagpupunas sa mga gilagid gamit ang bimpò araw-araw. Sa humigit-kumulang apat hanggang anim na buwan, magsisimula ang "pagngingipin" habang magsimulang lumabas ang mga ngipin ng sanggol. Dapat kang magpa-appointment para sa unang pagpapatingin sa ngipin ng iyong anak sa sandaling lumabas ang kanyang unang ngipin o sa kanyang unang kaarawan, alinman ang mauna.

Ang mga serbisyong ito sa ngipin ng Medi-Cal ay mga libreng serbisyo para sa:

Mga sanggol na edad 0-3

- Unang pagpapatingin sa ngipin ng sanggol
- Unang pagsusuri sa ngipin ng sanggol
- Mga pagsusuri sa ngipin (kada anim na buwan, at kung minsan higit pa)
- Mga X-ray
- Paglilinis ng ngipin (kada anim na buwan, at kung minsan higit pa)
- Fluoride varnish (kada anim na buwan, at minsan higit pa)
- Mga pagpasta
- Mga pagbunot (pagtanggal ng ngipin)
- Pang-emergency na serbisyo sa ngipin
- *Pampakalma (kung medikal na kinakailangan)



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY 711). Ang Molina Healthcare ay nandito Lunes-Biyernes, 7:00 a.m.-7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

Mga batang edad 4-12

- Mga pagsusuri sa ngipin (kada anim na buwan, at kung minsan higit pa)
- Mga X-ray
- Fluoride varnish (kada anim na buwan, at minsan higit pa)
- Mga pagbunot (pagtanggag ng ngipin)
- Pang-emergency na serbisyo sa ngipin
- Paglilinis ng ngipin (kada anim na buwan, at minsan higit pa)
- Mga molar sealant
- Mga pagpasta
- Mga root canal
- *Sedation (kung medikal na kinakailangan)

Mga kabataang edad 13-20

- Mga pagsusuri sa ngipin (kada anim na buwan, at minsan higit pa)
- Mga X-ray
- Fluoride varnish (kada anim na buwan, at minsan higit pa)
- Paglilinis ng ngipin (bawat anim na buwan, at kung minsan higit pa)
- Orthodontics (braces) para sa mga kwalipikado
- Mga pagpasta
- Mga crown
- Mga root canal
- Partial at buong pustiso
- Scaling at root planing
- Mga pagbunot (pagtanggag ng ngipin)
- Pang-emergency na serbisyo sa ngipin
- *Pampakalma (kung medikal na kinakailangan)

* Dapat isaalang-alang ng mga provider ang pampakalma at general anesthesia kapag natukoy at naidokumento nila ang isang dahilan kung bakit ang lokal na anesthesia ay hindi medikal na naaangkop, at ang paggamot sa ngipin ay paunang naaprubahan o hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Ito ang ilan sa dahilan kung bakit hindi maaaring gamitin ang lokal na anesthesia at maaaring gamitin sa halip ang pampakalma o general anesthesia:

- Pisikal, pag-uugali, pag-unlad, o emosyonal na kondisyon na humahadlang sa pasyente sa pagtugon sa mga pagsubok ng provider na magsagawa ng paggamot
- Mga pangunahing restorative o surgical procedure
- Hindi nakikipagtulungan na bata
- Acute na impeksyon sa isang lugar ng iniksyon
- Ang pagkabigo ng isang lokal na anesthesia para makontrol ang pananakit

Kung mayroon kang mga tanong o gustong alamin ang higit pa tungkol sa mga serbisyo sa ngipin, tawagan ang Linya ng Medi-Cal Dental Customer Service sa 1-800-322-6384 (TTY 1-800-735-2922 o 711), o pumunta sa <https://smilecalifornia.org/>.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY 711). Ang Molina Healthcare ay nandito Lunes-Biyernes, 7:00 a.m.-7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

6. Pag-uulat at paglutas ng mga problema

Mga Pagdinig ng Estado

Ang Pagdinig ng Estado ay isang pagpupulong ng Molina Healthcare at hukom mula sa Departamento ng Mga Serbisyonang Panlipunan ng California (CDSS). Tutulungan ng hukom na lutasin ang iyong problema at magpapasya kung ang Molina Healthcare ay gumawa ng tamang desisyon o hindi. May karapatan kang humiling ng Pagdinig ng Estado kung humiling ka na ng apela sa Molina Healthcare at hindi ka pa rin nasisiyahan sa aming desisyon, o kung hindi ka nakakuha ng desisyon sa iyong apela pagkatapos ng 30 araw.

Kailangan mong humiling ng Pagdinig ng Estado sa loob ng 120 araw mula sa petsa na nasa aming sulat ng Abiso ng Resolusyon sa Apela (NAR). Kung binigyan ka namin ng Aid Paid Pending sa panahon ng iyong apela at gusto mong magpatuloy ito hanggang sa magkaroon ng desisyon sa iyong Pagdinig ng Estado, kailangan mong humingi ng Pagdinig ng Estado sa loob ng 10 araw mula sa aming sulat ng NAR o bago ang petsa na sinabi namin na hihinto ang iyong mga serbisyo, alinman ang mas huli.

Kung kailangan mo ng tulong para matiyak na magpapatuloy ang Aid Paid Pending hanggang sa magkaroon ng pinal na desisyon sa iyong Pagdinig ng Estado, makipag-ugnayan sa Molina Healthcare sa pagitan ng Lunes-Biyernes, 7:00 a.m.-7:00 p.m. sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-888-665-4621. Kung hindi ka makarinig o makapagsalita nang maayos, tumawag sa TTY 711. Ang iyong awtorisadong kinatawan o provider ay maaaring humiling ng Pagdinig ng Estado para sa iyo nang may nakasulat na pahintulot.

Minsan maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado nang hindi kinukumpleto ang proseso ng aming apela.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY 711). Ang Molina Healthcare ay nandito Lunes-Biyernes, 7:00 a.m.-7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

6 | Pag-uulat at paglutas ng mga problema

Halimbawa, kung hindi ka inabisuhan nang tama ng Molina Healthcare o nang nasa oras tungkol sa iyong mga serbisyo, maaari kang humiling ng isang Pagdinig ng Estado nang hindi kinakailangang kumpletuhin ang aming proseso ng apela. Ito ay tinatawag na Itinuturing na Naubos ang Lahat ng Remedyo. Narito ang ilang halimbawa ng Itinuturing na Naubos ang Lahat ng Remedyo (Deemed Exhaustion):

- Hindi kami nagbigay sa iyo ng Abiso ng Aksyon (NOA) o sulat ng NAR sa iyong mas gustong wika.
- Nagkamali kami na nakakaapekto sa alinman sa iyong mga karapatan
- Hindi ka namin binigyan ng sulat na NOA
- Hindi ka namin binigyan ng sulat na NAR
- Nagkamali kami sa aming sulat na NAR
- Hindi namin napagdesisyunan ang iyong apela sa loob ng 30 araw
- Napagpasyahan namin na ang iyong kaso ay agaran ngunit hindi tumugon sa iyong apela sa loob ng 72 oras

Maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado sa mga ganitong paraan:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tawagan ang State Hearings Division ng CDSS sa 1-800-743-8525 (TTY 1-800-952-8349 o 711)
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Sagutan ang form na ibinigay kasama ng iyong abiso sa paglutas ng mga apela at ipadala ito sa:

California Department of Social Services
State Hearings Division
744 P Street, MS 09-17-433
Sacramento, CA 95814

- **Online:** Humiling ng pagdinig online sa www.cdss.ca.gov
- **Sa pamamagitan ng email:** Sagutan ang form na kasama ng iyong abiso sa resolusyon sa mga apela at i-email ito sa Scopeofbenefits@dss.ca.gov
 - Tandaan: Kung ipapadala mo ito sa pamamagitan ng email, may panganib na maaaring harangin ng ibang tao maliban sa State Hearings Division ang iyong email. Pag-isipang gumamit ng mas ligtas na paraan para ipadala ang iyong kahilingan.
- **Sa pamamagitan ng Fax:** Sagutan ang form na kasama ng iyong abiso ng resolusyon sa apela at i-fax ito sa State Hearings Division sa 916-309-3487 o nang libre sa 1-833-281-0903.

Kung kailangan mo ng tulong sa paghingi ng Pagdinig ng Estado, matutulungan ka namin. Maaari ka naming bigyan ng mga libreng serbisyo sa wika. Tumawag sa 1-888-665-4621 (TTY 711).



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY 711). Ang Molina Healthcare ay nandito Lunes-Biyernes, 7:00 a.m.-7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

6 | Pag-uulat at paglutas ng mga problema

Sa pagdinig, sasabihin mo sa hukom kung bakit hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng Molina Healthcare. Sasabihin ng Molina Healthcare sa hukom kung paano namin ginawa ang aming desisyon. Maaaring umabot ng hanggang 90 araw para mapagpasyahan ng hukom ang iyong kaso. Dapat sundin ng Molina Healthcare kung ano ang desisyon ng hukom.

Kung gusto mong gumawa ng mabilis na desisyon ang CDSS dahil ang oras na kailangan para magkaroon ng Pagdinig ng Estado ay maglalagay sa iyong buhay, kalusugan, o kakayahang gumana nang ganap sa panganib, ikaw, ang iyong awtorisadong kinatawan, o ang iyong provider ay maaaring makipag-ugnayan sa CDSS at humingi ng isang pinabilis (mabilis) na Pagdinig ng Estado. Ang CDSS ay dapat gumawa ng desisyon nang hindi lalampas sa tatlong araw ng negosyo pagkatapos nitong matanggap ang iyong kumpletong file ng kaso mula sa Molina Healthcare.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY 711). Ang Molina Healthcare ay nandito Lunes-Biyernes, 7:00 a.m.-7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

7. Mga karapatan at responsibilidad

Bilang miyembro ng Molina Healthcare, mayroon kang ilang karapatan at responsibilidad. Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang mga karapatan at responsibilidad na ito. Kasama rin sa kabanatang ito ang mga legal na abiso na mayroon kang karapatan bilang miyembro ng Molina Healthcare.

Abiso ng Aksyon

Magpapadala sa iyo ang Molina Healthcare ng sulat na Abiso ng Aksyon (NOA) anumang oras na tatanggihan, aantalahin, tatapusin, o babaguhin ng Molina Healthcare ang isang kahilingan para sa mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan. Kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng Molina Healthcare, maaari kang maghain ng apela sa Molina Healthcare. Pumunta sa seksyong “Mga Apela” sa Kabanata 6 ng handbook na ito para sa mahalagang impormasyon sa paghahain ng iyong apela. Kapag nagpadala sa iyo ang Molina Healthcare ng NOA, sasabihin nito sa iyo ang lahat ng karapatan mo kung hindi ka sasang-ayon sa desisyon na ginawa namin. Kung makatanggap ka ng abisong ito mula sa sinuman maliban sa Molina Healthcare, makipag-ugnayan kaagad sa Molina Healthcare.

Mga nilalaman sa mga abiso

Kung ibabatay ng Molina Healthcare ang mga pagtangi, pagkaantala, pagbabago, pagtapos, pagsususpende, o pagbabawas sa iyong mga serbisyo sa kabuuan o bahagi nito sa medikal na pangangailangan, ang iyong NOA ay dapat maglaman ng sumusunod:

- Isang pahayag ng aksyon na nilalayong gawin ng Molina Healthcare
- Isang malinaw at maikling paliwanag ng mga dahilan para sa desisyon ng Molina Healthcare
- Paano nagpasya ang Molina Healthcare, kasama ang mga panuntunang ginamit ng Molina Healthcare



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY 711). Ang Molina Healthcare ay nandito Lunes-Biyernes, 7:00 a.m.-7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.

- Ang mga medikal na dahilan para sa desisyon. Dapat malinaw na isaad ng Molina Healthcare kung paano hindi natutugunan ng iyong kondisyon ang mga tuntunin o alituntunin.
- Impormasyon tungkol sa iyong karapatang humiling ng libreng kopya ng lahat ng dokumento at tala na may kaugnayan sa NOA.

Mga pagsasalin-wika

Kinakailangan ng Molina Healthcare na ganap na isalin-wika at magbigay ng nakasulat na impormasyon ng miyembro sa mga karaniwang mas gustong wika, kasama ang lahat ng abiso sa karaingan at apela.

Dapat kasama sa ganap na isinaling-wika na abiso ang medikal na dahilan para sa desisyon ng Molina Healthcare na tanggihan, antalahin, baguhin, tapusin, suspindihin, o bawasan ang kahilingan para sa mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan.

Kung ang pagsasalin-wika sa iyong mas gustong wika ay hindi available, ang Molina Healthcare ay kinakailangang magbigay ng berbal na tulong sa iyong mas gustong wika para maunawaan mo ang impormasyong makukuha mo.



Tawagan ang Mga Serbisyo sa Miyembro sa 1-888-665-4621 (TTY 711). Ang Molina Healthcare ay nandito Lunes-Biyernes, 7:00 a.m.-7:00 p.m. Libre ang tawag. O tumawag sa California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.MolinaHealthcare.com.